

2023



SERYE NG IMPORMASYON NG MAGULANG
Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon ng Maryland:

Pagpaplano ng Paglipat mula sa Sekondarya

Espesyal na
Edukasyon
Proseso

Mga Karapatan ng
Magulang

Pag-unawa
sa IEP

Paglipat mula sa
Sekondarya



PANIMULA

Ang Gabay ng Pamilya sa Paglipat mula sa Sekondarya ay bahagi ng Serye ng Impormasyon ng Magulang sa Kapanganakan hanggang 21 ng Maryland, isang koleksyon ng mga publikasyong idinisenyo upang suportahan ang mga pamilya sa buong estado sa proseso ng espesyal na edukasyon at sistema ng mga serbisyo sa Maryland. Ang gabay na ito ay nagbibigay ng paunang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan ng proseso ng paglipat mula sa sekondarya sa ilalim ng Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (IDEA, Individuals with Disabilities Education Act) pati na rin ang mga inirekomenda na estratehiya at mapagkukunan upang makamit ang positibong resulta.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

pahina 4

**Pagpaplano ng Paglipat mula sa
Sekondarya**

pahina 5

**Pakikipag-ugnayan sa Magulang at
Mag-aaral**

pahina 7

**Mga Hakbang sa Paglipat mula sa
Sekondarya**

pahina 16

Nangungunang 10 Bagay

pahina 22

**Paano Kung may mga Tanong ako
o Kailangan ko ng Tulong?**

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin kami sa
www.marylandpublicschools.org



Maligayang pagdating sa Pagpapalano ng Paglipat mula sa Sekondarya sa Maryland

Ano ang Pagpapalano ng Paglipat mula sa Sekondarya?

Ang Paglipat mula sa Sekondarya ay isang patuloy na proseso ng paghahanda sa mga mag-aaral na may kapansanan para sa buhay pagkatapos ng high school. Ang prosesong ito ay nagsisimula nang maaga sa buhay ng isang bata sa unang pagkakataong natutunan nila ang tungkol sa kanilang kapaligiran, mga gusto, hindi gusto, at mga interes. Ito ay nagpapatuloy sa kabuuan ng mga taon ng pag-aaral habang ang mga mag-aaral ay nakikilahok sa mga karanasan upang suportahan ang pagbuo ng pananaw para sa hinaharap at maghanda para sa paglipat sa buhay ng nasa hustong gulang. Ang pagpapalano ng paglipat mula sa sekondarya ay isang sama-samang pagsisikap na kinabibilangan ng mga mag-aaral, pamilya, kawani ng paaralan, at iba pang mahahalagang miyembro ng komunidad.

Ang mga mag-aaral na may mga kapansanan na tumatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon ay may karapatan sa ilalim ng mga batas ng pederal at estado na tumanggap ng naaangkop na mga serbisyo sa paglipat na sumusuporta sa kanilang paglipat mula sa mataas na paaralan patungo sa buhay ng nasa hustong gulang. Sa Maryland, ang pormal na pagpapalano ng paglipat mula sa sekondarya ay nagsisimula sa pamamagitan ng proseso ng IEP sa edad na 14, o mas maaga kung naaangkop. Hinigitan ng Maryland ang pederal na kinakailangan upang simulan ang pormal na pagpapalano ng paglipat sa edad na 16. Ang Maryland ay nangangailangan ng pagpapalano ng paglipat na magsisimula sa edad na 14, na nagbibigay ng oras sa mga mag-aaral upang tuklasin ang kanilang mga pagpipilian pagkatapos ng sekondaryang layunin at baguhin ang mga ito batay sa mga karanasan sa paglipat.



Ano ang Isinasaad ng Batas

Ano ang IDEA?

Ang Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act, IDEA) ay pederal na batas na nagtitiyak ng mga serbisyo sa mga batang may kapansanan sa buong bansa. Tinutukoy ng IDEA ang mga serbisyo sa paglipat bilang isang "pinag-ugnay na hanay ng mga aktibidad" para sa isang bata na nagtataguyod ng paglipat mula sa paaralan patungo sa mga aktibidad pagkatapos ng pag-aaral. Ang mga serbisyong ito ay idinisenyo upang ihanda ang mga mag-aaral sa edad ng paglipat sa trabaho pagkatapos ng sekondarya, edukasyon o pagsasanay, at malayang pamumuhay. Ang mga aktibidad na ito ay batay sa mga interes, kagustuhan, kalakasan at pangangailangan ng mag-aaral.




Pakikipag-ugnayan sa **Magulang at Mag-aaral**

Ano ang Papel ng Magulang sa Pagpapalano ng Paglipat ng Sekondarya?

Mahalaga ang mga magulang sa pagpapalano para sa paglipat mula sa sekondarya ng kanilang anak. Nagbibigay sila sa pangkat ng IEP ng mahalagang impormasyon sa pagbuo ng epektibo at makabuluhang plano sa paglipat. Maaaring bigyang kapangyarihan at gabayan ng mga magulang ang kanilang anak na nasa edad na ng paglipat na magkaroon ng aktibong papel sa proseso ng pagpapalano ng paglipat, bumuo ng mga kasanayan sa pagpapasya sa sarili, at pamahalaan ang kanilang kinabukasan. Kasama ang suporta mula sa mga magulang at tagapagturo, ang mga mag-aaral ay tumutuklas ng mga interes at nagpapaunlad ng mga kasanayan at kalayaan na kailangan upang makamit ang kanilang mga layunin pagkatapos ng pag-aaral. Mahalaga para sa mga magulang na simulan nang maaga ang proseso at tiyaking maririnig ang boses ng mag-aaral.

Bilang magulang o tagapag-alaga, matutulungan mo ang iyong anak sa pamamagitan ng:

- Pakikilahok sa mga pulong ng IEP at pangkat ng paglipat;
- Pagbabahagi ng kanilang mga kalakasan, interes, at pangangailangan sa pagsuporta;
- Pagsusulong sa kanilang mga layunin at serbisyo;
- Pagpapanatili ng mataas na mga inaasahan;
- Pagbibigay ng mga pagkakataon upang magsanay ng mga kasanayan sa pagtataguyod ng sarili;
- Paghihikayat sa kanila na tuklasin ang mga pagpipilian pagkatapos ng pag-aaral tulad ng mga serbisyo sa kolehiyo, trabaho, at pang-nasa hustong gulang;
- Pagsuporta sa paglapit sa mga kasosyo sa paglipat sa komunidad; at
- Pagsusuri sa takdang panahon ng paglipat mula sa sekondarya at paghiling ng suporta kung kinakailangan.



Pagtataguyod sa Sarili

Ang pagtataguyod sa sarili ay ang kakayahang gumawa ng mga pagpipilian, lutasin ang mga problema, magtakda ng mga layunin, suriin ang mga pagpipilian, at magsalita para sa iyong mga karapatan. Ito ay tungkol sa pag-unawa ng iyong anak sa kanilang kapansanan, kalakasan, pangangailangan, at mga suporta at kaluwagan na pinakamahusay na gumagana para sa kanila. Dapat ituro sa mga mag-aaral ang mga bahaging ito ng pagtataguyod sa sarili at mabigyan ng mga pagkakataon at suporta para sanayin ang mga kasanayan sa pagtataguyod sa sarili habang sila ay lumilipat mula sa mataas na paaralan patungo sa buhay ng nasa hustong gulang.



Ano ang Papel ng Magulang sa Pagpapalano ng Paglipat mula sa Sekondarya?

Ang mag-aaral ay nasa gitna ng proseso ng pagpapalano ng paglipat at ang pinakamahalagang miyembro ng pangkat ng IEP. Ang kanilang mga layunin at pangarap ang magiging puwersang nagtutulak sa plano ng paglipat kasama ang mag-aaral na siyang may kontrol. Kapag aktibong kasama ang mga mag-aaral sa pagpapalano ng kanilang kinabukasan, mas malamang na maninindigan silang maging mabisa ang plano nila.

Ang tungkulin ng mag-aaral ay kinabibilangan ng:

- Paglahok sa proseso ng pagpapalano ng paglipat;
- Paglahok sa mga pulong ng IEP;
- Pagbabahagi ng kanilang mga layunin sa kasalukuyan at hinaharap;
- Pagkilala sa mga kalakasan at hamon;
- Pagsasabi ng mga interes at kagustuhan;
- Pagtukoy sa mga layunin pagkatapos ng sekondarya na tumutugma sa mga interes at kasanayan;
- Paggawa ng isang portfolio;
- Paglahok sa mga aktibidad sa paglipat na tinukoy sa IEP;
- Paglinang ng pag-unawa sa kanilang kapansanan, at kung paano ito nakakaapekto sa pag-aaral, pamumuhay, at pagtatrabaho; at
- Pakikilahok sa mga karanasan sa trabaho.



Tagapaghula ng Tagumpay Pagkatapos ng Pag-aaral

May malakas na ugnayan sa pagitan ng partisipasyon ng mag-aaral sa mga karanasan sa trabaho sa mataas na paaralan at tagumpay kapag nakapagtapos na. Ang mga pangkat ng paaralan at mga pamilya na nakikipagtulungan sa network ng mga kapitbahay, kaibigan at lokal na negosyo ay nagpapalawak ng mga pagkakataon sa komunidad at nagpapaliit ng siwang.



Mga Hakbang sa Paglipat mula sa Sekondarya

Ano ang Pananaw ng Mag-aaral sa Kinabukasan?

Ang layunin ng pagpapalano ng Paglipat mula sa Sekondarya ay tulungan ang mga mag-aaral na matukoy ang kanilang mga layunin pagkatapos ng mataas na paaralan. Magpapalano sila ng kurso sa pag-aaral, mga serbisyo, at mga aktibidad na patungo sa mga pagkakataong makaranas ng matagumpay na paglipat mula sa paaralan patungo sa buhay ng nasa hustong gulang. Upang magawa ito, ang pangkat ng IEP ay dapat magsimula na isinasaisip ang hangarin at suportahan ang mag-aaral na lumikha ng pananaw sa kanilang kinabukasan. Minsan mahirap para sa mga mag-aaral, lalo na sa unang bahagi ng proseso ng paglipat mula sa sekondarya, na magkaroon ng pananaw kung ano ang magiging hitsura ng buhay pagkatapos ng mataas na paaralan. Ang pakikipag-usap sa mga mag-aaral sa bahay at sa paaralan ay makakatulong sa mga kabataan na tuklasin kung sino sila, kung ano ang gusto at hindi nila gusto, at bumuo ng mga personal na layunin para sa hinaharap.

Mga Pagsusuri sa Paglipat

Ang mga pagsusuri sa paglipat na naaangkop sa edad ay ang pundasyon ng proseso ng paglipat mula sa sekondarya at tinutulungan ang mag-aaral na malaman ang tungkol sa kanilang sarili, kanilang mga interes, kagustuhan, at layunin. Ang mga pormal at impormal na pagtatasa mula sa maraming pamamaraan at pinagmumulan, kabilang ang pamilya at komunidad, ay ginagamit upang matukoy ang nasusukat na mga layunin pagkatapos ng sekondarya. Ang mga resulta ng pagtatasa ay nagbibigay sa mag-aaral, magulang, at iba pang miyembro ng pangkat ng IEP ng impormasyon tungkol sa kung paano kasalukuyang gumagawa ang mag-aaral, at ang mga kasanayan at serbisyong kailangan upang makamit ang kanilang mga layunin. Ang datos ay ginagamit upang bumuo ng isang komprehensibong IEP at isang makabuluhang plano sa paglipat upang suportahan ang mga mag-aaral sa pagkamit sa kanilang mga layunin pagkatapos ng sekondarya.

Paano naka-dokumento sa IEP ang Pagsusuri sa Paglipat?

Ang mga resulta ng pagsusuri sa paglipat ay naka-dokumento sa Kasalukuyang Antas ng Nakakamit sa Pag-aaral at Pagganap sa mga Gawain (Present Levels of Academic Achievement and Functional Performance, PLAAFP) sa seksyon ng IEP. Ang impormasyong natutunan mula sa mga pagsusuri sa paglipat ay maaaring makatulong sa patuloy na pagbuo ng IEP ng mag-aaral, kabilang ang mga layunin pagkatapos ng sekondarya, mga aktibidad sa paglipat, mga serbisyo, taunang layunin ng IEP, at mga ugnayan sa ahensya, pati na rin ang mga susunod na hakbang sa proseso ng pagpapalano ng paglipat. Ang mga resulta ng pagtatasa ay nagbibigay ng gabay at mga pagpipilian sa mag-aaral, pamilya, at pangkat ng IEP.

Mga Layunin Pagkatapos ng Sekondarya

Ang mga layunin pagkatapos ng sekondarya ay mga nasusukat na layunin na tumutukoy sa pananaw ng mag-aaral kung ano ang kanilang gagawin pagkatapos ng mataas na paaralan sa mga larangan ng Pagtatrabaho Pagkatapos ng Sekondarya, Edukasyon o Pagsasanay, at kung naaangkop, Malayang Pamumuhay. Tinatalakay ng mga pangkat ng IEP ang mga layunin pagkatapos ng sekondarya kasama ang mag-aaral at pamilya nang hindi bababa sa bawat taon sa taunang pulong ng IEP. Ang nasusukat na mga layunin sa pagtatrabaho pagkatapos ng sekondarya ay kinakailangan ng IDEA.





Kurso sa Pag-aaral

Kasama sa kurso sa pag-aaral ang lahat ng klase at karanasan sa komunidad na kukumpletuhin ng mag-aaral upang makamit ang kanilang mga layunin pagkatapos ng sekondarya. Dapat isaalang-alang ng mga layunin pagkatapos ng sekondarya kung saan gustong magtrabaho, matuto, at manirahan ng mag-aaral kapag nakapagtapos na. Mahalaga na ang lahat ay nagtatrabaho kasama ang mag-aaral upang tumulong sa pagtukoy sa kurso sa pag-aaral na naaayon sa kanilang mga layunin pagkatapos ng sekondarya. Dapat tiyakin ng pangkat ang pakikilahok sa mga kurso at karanasan na sumusuporta sa pag-unlad patungo sa mga layunin ng mag-aaral. Ang koneksyon sa pagitan ng mga layunin ng mag-aaral pagkatapos ng sekondarya at ang kurso sa pag-aaral ay dapat na malinaw.

Mga Aktibidad sa Paglipat

Ang mga aktibidad sa paglipat mula sa sekondarya ay idinisenyo upang mapabuti ang mga kasanayan sa pag-aaral at mga gawain ng mag-aaral upang matulungan silang makamit ang kanilang mga layunin pagkatapos ng paaralan. Ang mga aktibidad na ito ay espesyal na idinisenyo para sa mag-aaral batay sa kanilang mga kalakasan, kagustuhan, interes, at pangangailangan. Maaaring kabilang sa mga ito ang pagtuturo, mga kaugnay na serbisyo, mga karanasan sa komunidad, pagpapaunlad ng trabaho at paglinang ng kasanayan sa malayang pamumuhay. Ang maingat na pagbuo at pagpapatupad ng mga aktibidad sa paglipat ay lumilikha ng mga hakbang na gagawin ng mag-aaral mula sa pagtatakda hanggang sa pagkamit ng kanilang mga layunin.



Ang kurso sa pag-aaral ay isang indibidwal na hanay ng mga kurso, karanasan, at kurikulum na idinisenyo upang buuin ang pagkamit ng mag-aaral sa pag-aaral at mga gawain upang suportahan ang kanilang mga layunin pagkatapos ng pag-aaral.

Ang mga kurso sa Karera at Teknikal na Edukasyon (CTE, Career and Technical Education) ay may benepisyo sa lahat, ngunit ang CTE ay mas lalong tumutulong sa mga mag-aaral na may mga kapansanan. Ang datos ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na may mga kapansanan na nakatala sa mga klase sa CTE ay mas malamang na makapagtapos at matugunan ang mga layunin sa kahusayan ng estado. Ang mga mag-aaral na may mga kapansanan na nakatala sa mga programa ng CTE ay may mas mataas na antas ng pagtatapos kaysa sa mga mag-aaral na may mga kapansanan na hindi nakatala sa mga programa ng CTE.

Mga Taunang Layunin ng IEP

Ang mga taunang layunin ng IEP ay binubuo at isinusulat upang tulungan ang mag-aaral na bumuo ng kaalaman, kasanayan, at/o asal na kailangan upang makamit ang kanilang mga layunin pagkatapos ng sekondarya. Ang taunang mga layunin ng IEP at mga aktibidad sa paglipat ay nagtutulungan upang lumikha ng isang nakasentro sa mag-aaral na IEP na humahantong sa pagkamit ng mga makabuluhang layunin pagkatapos ng sekondarya.

Edad ng Mayorya

Ang Edad ng Mayorya ay ang legal na edad kung saan ang isang tao ay itinuturing na nasa hustong gulang na nagtataglay ng lahat ng karapatan at responsibilidad ng isang nasa hustong gulang. Ang edad ng mayorya sa Maryland ay 18. Hindi bababa sa isang taon bago umabot sa edad na 18, inaatasan ng IDEA ang pangkat ng IEP na ipaalam sa mag-aaral ang paglilipat ng kanilang mga karapatan. Kung hindi pa handa ang mag-aaral na gampanan ang ganap na responsibilidad sa paggawa ng desisyon sa edad na 18, may iba pang mga pagpipilian, tulad ng sinusuportahang paggawa ng desisyon, na maaaring tuklasin. Sa Maryland, ang paggawa ng desisyon sa espesyal na edukasyon ay hindi awtomatikong ililipat sa isang mag-aaral na may kapansanan sa edad ng mayorya maliban sa ilalim ng limitadong mga pangyayari.

Pangangalaga laban sa Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon

Ang Pangangalaga o Guardianship ay isang legal na proseso kung saan ang hukuman ay nagtatalaga ng isang tao o ahensya upang gumawa ng mga desisyon sa ngalan ng ibang tao at ito ang pinakamahigpit na paraan ng legal na proteksyon para sa isang indibidwal. Karaniwan, ang mga indibidwal na may kapansanan sa kalusugan ng isip, karunungan, o medikal at napakalubha ng mga ito kung kaya hindi sila makakagawa ng matalinong mga desisyon para sa kanilang sarili ay makakatugon sa pamantayan para sa pangangalaga. Sa Maryland, pinahihintulutan na ngayon ng isang bagong batas ang mga nasa hustong gulang na gumamit ng sinusuportahang paggawa ng desisyon upang makakuha ng suporta na maunawaan, isaalang-alang, at magdesisyon para sa kanilang sarili. Ang sinusuportahang paggawa ng desisyon ay tumutulong sa mga indibidwal na panatilihin ang kanilang mga karapatan at magkaroon ng higit na kontrol at pagpili sa kanilang buhay.





Pagtatapos

Ang pagtatapos mula sa mataas na paaralan ay isang mahalagang kaganapan sa buhay ng bawat mag-aaral. Sa Maryland, ang isang mag-aaral ay maaaring makatanggap ng isang Diploma sa Mataas na Paaralan ng Maryland kung makumpleto nila ang pagpapatala, kredito, at mga kinakailangan sa serbisyo. Ang isang mag-aaral na may mga kapansanan na hindi nakakatugon sa mga kinakailangan para sa diploma ay maaaring tumanggap ng Sertipiko ng Pagkumpleto ng Programa ng Mataas na Paaralan ng Maryland kung ang pangkat ng IEP ay nagpasiya na ang mga pamantayang nakabalangkas sa Annotated Code ng Maryland ay natutugunan. Ang huling desisyon na gawaran ang isang mag-aaral na may mga kapansanan ng Sertipiko ng Pagkumpleto ng Programa sa Mataas na Paaralan ng Maryland ay hindi gagawin hanggang sa huling taon ng mag-aaral sa mataas na paaralan.

Maryland Summary of Performance (MSOP)

Ang Buod ng Pagganap sa Maryland ay isang ulat na nagbibigay ng impormasyon sa mga sumusunod tungkol sa isang mag-aaral:

- Nakamit sa pag-aaral sa sekondarya;
- Pagganap sa mga gawain;
- Mga kaluwagan; at
- Pag-unlad sa mga layunin pagkatapos ng sekondarya, serbisyo, at aktibidad.

Maaaring gamitin ng mga mag-aaral, pamilya, at mga pangkat ng IEP ang impormasyon sa ulat na ito upang suriin ang pag-unlad at gumawa ng mga desisyon sa buong proseso ng pagpapalano ng paglipat at habang lumilipat ang mag-aaral mula sa paaralan patungo sa mga aktibidad pagkatapos ng sekondarya.

Ang MSOP ay maaaring magbigay sa mga potensyal na employer, mga institusyong pang-edukasyon pagkatapos ng sekondarya, at mga tagapagbigay ng serbisyo sa nasa hustong gulang ng makabuluhang impormasyon tungkol sa mga kasanayan, mga kalakasan ng kabataang nasa hustong gulang, at suporta na kailanganin nila.



Ugnayan sa Ahensya

Karapatan laban sa Pagiging Karapat-dapat-Ano ang Pagkakaiba?

Ang mga mag-aaral na karapat-dapat para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa Maryland ay may karapatan na makatanggap ng mga serbisyong ito hanggang sa makapagtapos sila sa mataas na paaralan na may diploma o sa buong panuruang taon kung saan sila ay umabot sa 21 taong gulang, kung ang panuruang taon ay magsisimula bago ang kanilang ika-dalawampu't isang kaarawan. Dapat na ngayong mag-aplay ang indibidwal para sa mga serbisyong pang-nasa hustong gulang upang makita kung sila ay karapat-dapat na tumanggap ng mga ito. Ang pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyong pang-nasa hustong gulang ay hindi isang karapatan at ang pagkakaroon ng mga serbisyo ay hindi ginagarantiyahan. Dapat mayroong pagpopondo upang makatanggap ng mga serbisyo at suporta mula sa mga ahensya ng serbisyong pang-nasa hustong gulang. Samakatuwid, mahalagang simulan nang maaga ang proseso ng aplikasyon upang matukoy ang pagiging karapat-dapat sa ahensya.



Mga Ahensya ng Serbisyong Pang-nasa hustong gulang ng Maryland

Tinutukoy ng tsart sa ibaba ang apat na ahensya ng estado na maaaring magbigay ng mga serbisyo o suporta para sa mga karapat-dapat na indibidwal sa Maryland. Ang bawat ahensya ay may partikular na pamantayan sa pagiging karapat-dapat na dapat matugunan upang makatanggap ng mga serbisyo. Mangyaring makipag-ugnayan sa naaangkop na ahensya para sa mga tanong tungkol sa mga serbisyo o proseso ng kanilang pagiging karapat-dapat.

Dibisyon ng mga Serbisyo sa Rehabilitasyon (DORS, Division of Rehabilitation Services)

Ang Dibisyon ng mga Serbisyo sa Rehabilitasyon (DORS) ng Maryland ay nag-aalok ng mga programa na tumutulong sa mga indibidwal na may mga kapansanan na pumasok sa trabaho, manatili sa trabaho, o maghanda para sa mundo ng trabaho. Tinutulungan ng DORS ang mga mag-aaral sa mataas na paaralan, mga mag-aaral sa kolehiyo, at mga mag-aaral sa iba pang mga naaprubahang programa sa pamamagitan ng pagbibigay o pag-aayos ng mga serbisyo na maaaring kabilangan ng pagpapayo sa karera, pantulong na teknolohiya, pagsasanay pambokasyonal at/o tulong sa paghahanap ng trabaho.

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang: <https://dors.maryland.gov/Pages/default.aspx>

Pangasiwaan ng mga Kapansanan sa Pag-unlad (DDA, Developmental Disabilities Administration)

Ang DDA ay nagbibigay ng isinaayos na sistema ng paghahatid ng serbisyo upang ang mga taong may kapansanan sa pag-unlad ay makatanggap ng mga naaangkop na serbisyong nakatuon sa layunin ng ganap na pagkakasama sa kanilang komunidad, kabilang ang pagkuha at pagpapanatili ng trabaho na kasama ang komunidad o integrated competitive employment. Ang sistema ng paghahatid ng serbisyo ng DDA ay kinabibilangan ng iba't-ibang serbisyong nakabatay sa tahanan at komunidad at suportang ibinibigay sa mga karapat-dapat na tao, sa pamamagitan ng alinman sa Planong Medicaid ng Estado, programa ng Waiver o sa pamamagitan ng mga serbisyo ng DDA na pinondohan ng Estado.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa DDA: <https://dda.health.maryland.gov/Pages/dda.aspx>

Pangasiwaan ng mga Kapansanan sa Pag-unlad (DDA, Developmental Disabilities Administration)

Ang BHA ay bahagi ng Kagawaran ng Kalusugan ng Maryland (MDH, Maryland Department of Health) na naglilingkod sa mga taong may sakit sa pag-iisip at/o mga problema sa paggamit ng alak at droga. Sa pamamagitan ng mga lokal na ahensya nito, na tinatawag na Mga Lokal na Pangasiwaan ng Paggawi (LBHA, Local Behavioral Administrations) o Mga Pangunahing Ahensya ng Serbisyo (CSA, Core Service Agencies), ang BHA ay nagpopondo at nangangasiwa ng mga programa kabilang ngunit hindi limitado sa: pangangalaga sa pasyente ng psychiatry, paggamot sa residensiyal na pasilidad, regular at masinsinang pangangalaga sa outpatient, mga serbisyo sa krisis, mga serbisyo sa rehabilitasyon, suporta sa pamilya, suportado na pabahay at suportado na trabaho para sa mga taong may sakit sa pag-iisip. Ang mga programang partikular para sa mga kabataang nasa edad na sa paglipat ay magagamit sa ilang mga rehiyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa BHA: <https://bha.health.maryland.gov/pages/index.aspx>

Tanggapan ng Pagpapaunlad ng Lakas ng Manggagawa at Pag-aaral ng Nasa Hustong Gulang, Kagawaran ng Paggawa sa Maryland (Paggawa sa Maryland)

Ang Tanggapan ng Pagpapa-unlad ng Lakas ng Manggagawa Dibisyon ng Serbisyo sa Kabataan ng Kagawaran ng Paggawa sa Maryland ay nagbibigay ng mga programa at serbisyo upang tulungan ang mga kabataang nasa hustong gulang na makamit ang mga layunin sa edukasyon at trabaho. Sa pamamagitan ng mga Sentro ng lokal na Trabaho sa America at Mga Lupon sa Pamumuhunan sa Lakas ng Manggagawa ng Paggawa sa Maryland, nagbibigay ang Paggawa sa Maryland ng konsultasyon sa karera, pagsasanay, paggamit ng computer, at iba pang mga serbisyong suporta. Ang Paggawa sa Maryland kasabay ng Mga Sentro ng Trabaho ng America ay nagbibigay ng hanay ng mga serbisyo sa pagtatrabaho at iniuugnay ang mga kostumer sa mga pagkakataon ng pagsasanay at edukasyon na may kaugnayan sa trabaho sa pamamagitan ng pagpopondo mula sa Batas sa Pagbabago at Oportunidad ng Lakas ng Manggagawa (WIOA, Workforce Innovation and Opportunity Act).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Paggawa sa Maryland <http://labor.maryland.gov>

Mga Takdang-Panahon para sa **Paglipat mula sa Sekondarya**

EDAD 14 – 15

Maaaring ihanda ng mga pamilya ang kanilang mag-aaral para sa buhay pagkatapos ng mataas na paaralan sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga sumusunod:

- Pagtatakda at pagpapanatili ng mataas na mga inaasahan
- Talakayin ang mga resulta ng mga pagtatasa sa paglipat sa iyong mag-aaral
- Talakayin ang mga layunin at mga pagpipilian pagkatapos ng sekondarya
- Ibahagi ang mga kalakasan at pangangailangan ng iyong mag-aaral upang makamit ang kanilang mga layunin
- Magbigay ng kaalaman tungkol sa pananaw ng pamilya para sa hinaharap
- Magbigay ng mga pagkakataon upang tuklasin ang mga interes sa karera
- Magbigay ng mga pagkakataon upang magsanay ng pagtataguyod sa sarili, pamamahala ng oras, at mga kasanayan sa paggawa ng desisyon
- Dumalo sa mga workshop na may kaugnayan sa paglipat, mga pulong ng IEP, at mga kumperensya
- Ihanda ang iyong mag-aaral na dumalo at lumahok sa kanilang mga pagpupulong sa IEP
- Tumulong na bumuo at magsanay ng mga kasanayan sa komunikasyon at panlipunan para sa pagtatrabaho, edukasyon, at mga kapaligiran ng libangan
- Magpanatili ng mga talaan ng mga serbisyo at aktibidad na nauugnay sa paglipat
- Unawain ang kapansanan, karapatan at responsibilidad ng iyong mag-aaral
- Gabayan ang iyong mag-aaral sa pag-unawa sa kanilang kapansanan at sa kanilang mga kalakasan
- Magbigay ng pagkakataon para sa mga ginagabayang paggawa ng desisyon
- Talakayin ang Mga Serbisyo sa Paglipat Bago ang Trabaho (PreETS, Pre-Employment Transition Services) sa iyong mag-aaral at sa pangkat ng IEP
- Mag-aplay sa DDA upang matukoy ang pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo

EDAD 16 – 17

Ang mga karagdagang pagsasaalang-alang sa mga edad na ito ay maaaring kabilangan ng:

- Suriin ang mga kinakailangan sa pagtatapos at pag-unlad, kabilang ang pagdalo, mga marka, at mga kinakailangan sa serbisyo sa komunidad
- Tukuyin ang mga kagamitang pantulong na teknolohiya na maaaring magpataas ng mga karanasan sa edukasyon, mga pagkakataon sa trabaho at pakikilahok sa komunidad
- Tukuyin ang mga serbisyo at programa ng komunidad
- Makipagpulong sa mga ahensya ng komunidad upang malaman ang tungkol sa pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo habang nasa mataas na paaralan at kapag nagtapos na
- Magtipon ng impormasyon tungkol sa mga programa pagkatapos ng sekondarya at mga serbisyong suporta
- Pumirma ng pahintulot sa pangkat ng IEP na makipag-ugnayan sa mga ahensyang maaaring magbigay ng mga serbisyo
- Suportahan ang iyong mag-aaral sa pagsisiyasat at pakikilahok sa mga oportunidad sa trabaho
- Talakayin ang edad ng mayorya sa iyong mag-aaral
- Tuklasin ang pangangalaga at sinusuportahang paggawa ng desisyon
- Talakayin ang mga pagpipilian sa transportasyon kapag nagtapos na
- Hikayatin at isagawa ang mga independiyenteng kasanayan tulad ng pamamahala ng pera, malusog na pamumuhay, at pangangalaga sa sarili
- Talakayin kung paano ipagpapatuloy ang pag-aaral kapag nagtapos na
- Suriin ang Buod ng Pagganap sa Maryland at ang pag-unlad ng iyong mag-aaral patungo sa kanilang mga layunin
- Mag-aplay sa DORS, BHA, at MDL, kung naaangkop, at kung karapat-dapat

EDAD 17 – 18

Ang mga karagdagang pagsasaalang-alang sa mga edad na ito ay maaaring kabilangan ng:

- Talakayin ang pag-unlad tungo sa pagtatapos
- Talakayin kung kailan magpapa-rehistro para bumoto at, kung lalaki, magparehistro sa Piling Serbisyo
- Gabayan at suportahan ang paggamit sa mga serbisyong pang-nasa hustong gulang
- Pahintulutan ang iyong mag-aaral na gumawa ng mga desisyon, akuin ang responsibilidad, at matuto mula sa kanilang mga pagkakamali
- Talakayin ang pakikilahok sa mga oportunidad sa pag-aaral na nakabatay sa trabaho tulad ng mga pagsasanay, pagiging apprentice, at mga programa sa edukasyon sa karera at teknolohiya
- Pagsubaybay sa mga rekomendasyon sa ahensya at mga aplikasyon para sa mga serbisyong pang-nasa hustong gulang
- Magtakda ng pulong para talakayin ang mga suporta at benepisyo tulad ng Seguridad Panlipunan at Karagdagang Kitang Panseguridad (SSI, Social Security and Supplemental Security Income), mas mataas na edukasyon o teknikal na mga serbisyong suporta sa paaralan at tulong pinansyal
- Pumirma ng pahintulot na mag-imbata ng mga ahensya na maaaring magbigay ng mga serbisyo sa pulong ng IEP kapag nakapagtapos na
- Bumisita sa mga paaralan pagkatapos ng sekondarya kasama ang iyong mag-aaral
- Kumpletuhin ang Libreng Aplikasyon sa Tulong Pederal sa Mag-aaral (FAFSA, Free Application for Federal Student Aid), kung naaangkop
- Makipagkita sa tagapayo ng DORS upang talakayin at planuhin ang mga serbisyo pagkatapos ng pag-aaral
- Suriin at kumuha ng huling kopya ng Buod ng Pagganap sa Maryland ng iyong mag-aaral
- Gabayan ang iyong mag-aaral sa pagkumpleto ng mga aplikasyon para sa mga kolehiyo at trabaho pagkatapos ng sekondarya
- Hikayatin ang iyong mag-aaral na magparehistro para sa mga pagsusulit sa kolehiyo at armadong serbisyo, kung naaangkop
- Mag-aplay sa DORS, BHA, at MDL, kung naaangkop, at kung karapat-dapat

EDAD 18 – 21

Ang mga karagdagang pagsasaalang-alang sa mga edad na ito ay maaaring kabilangan ng:

- Makipagkita sa pangkat ng IEP upang talakayin ang mga programa ng paglipat mula sa mataas na paaralan sa mga pamamaraang naaangkop sa edad tulad ng kampus sa kolehiyo
- Hikayatin ang pagpapatala at pakikilahok sa mga klase na sumusuporta sa pagkamit ng mga layunin pagkatapos ng pag-aaral
- Suportahan ang pakikilahok sa gawaing pangkomunidad at mga karanasan sa pag-aaral
- Magbigay ng mga pagkakataon sa pag-aaral at pagsasanay sa mga pagpipilian sa transportasyon
- Tukuyin ang mga suportang kailangan pagkatapos ng mataas na paaralan
- Patunayan ang pagiging karapat-dapat sa mga serbisyong pang-nasa hustong gulang
- Makipagpulong sa Koordinasyon ng mga Serbisyo sa Komunidad ng DDA upang tumulong sa paglipat sa mga serbisyong pang-nasa hustong gulang
- Suportahan ang iyong mag-aaral sa pag-aaplay sa mga serbisyo ng SSI, Tulong Medikal at Paratransit
- Talakayin ang mga pag-eendorso ng Sertipiko sa Pagkumpleto ng Programa ng Maryland na magsisimula sa 2024 na panuruang taon kasama ng pangkat ng IEP, kung naaangkop
- Mag-aplay sa DORS, BHA, at MDL, kung naaangkop, at kung karapat-dapat



Nangungunang 10 Mga Bagay

Ang magagawa ng mga Magulang upang Tumulong sa Paghahanda **Paglipat ng Kanilang Anak mula sa Sekondarya**

- 1** Unawain ang kapansanan ng iyong kabataan. Maaaring kilala mo ang iyong kabataan, ngunit alam mo ba kung paano partikular na nakakaapekto sa kanya ang kapansanan ng iyong kabataan sa mga larangan ng pag-aaral, komunikasyon, o paggalaw? Sa panahon ng pagpapalano ng paglipat, sikaping mas maunawaan ang kapansanan ng iyong kabataan at kung paano ito makakaapekto sa paghahanap ng edukasyon pagkatapos ng sekondarya, trabaho, o malayang pamumuhay.
- 2** Hikayatin ang iyong kabataan na lumikha ng isang pananaw sa kanyang kinabukasan. Tulungan ang iyong mga kabataan na magsaliksik ng mga pagpipilian upang makamit ang pananaw na iyon at mapalawak ang kanyang mga karanasan. Ito ay magbibigay-daan sa iyong kabataan na akuin ang proseso ng pagpapalano ng paglipat habang binubuo ang kalayaang magbago ng kurso kung kinakailangan.
- 3** Tulungan ang iyong kabataan na maunawaan na ang kanilang pananaw ay maaaring maisakatuparan. Ang mga kabataan ay naghihintay ng senyales mula sa mga magulang kung ano ang aasahan sa kanilang sarili. Itanim sa isip ng iyong kabataan na ang plano ng paglipat ng IEP ay isang landas sa pagkamit ng kanilang pananaw at pag-abot sa kanilang mga layunin.
- 4** Buuin ang paniniwala sa mataas na mga inaasahan sa iyong kabataan. Maaaring mayroon kang mataas na mga inaasahan na maaaring makamit ng iyong kabataan ang sukdulang makakaya niya. Kailangan mong itaguyod ang IEP at plano sa paglipat na sumasalamin sa mga inaasahang ito. Kung magpapahiwatig ka ng mababang mga inaasahan sa kinabukasan ng iyong kabataan, maaaring gawin din ito ng iba.
- 5** Ibahagi ang iyong nalalaman tungkol sa iyong kabataan sa pamamagitan ng pasasabi ng tungkol sa mga kalakasan, interes, at pangangailangan sa mga pulong ng IEP. Pinahalagahan ng mga guro ang ganitong uri ng impormasyon mula sa mga magulang dahil nakakatulong ito sa pagbibigay ng mga detalye na hindi magagawa ng mga pagtatasa at pagmamasid sa paaralan. Ang impormasyong ito ay maaari ding makatulong sa pangkat ng IEP na maiwasan ang mga desisyon sa pag-aaral at mga serbisyo na hindi tumutugon sa interes o mga larangan ng pangangailangan ng isang mag-aaral.



6 Magpanatili ng mahahalagang rekord ng edukasyon sa buong edukasyon ng iyong kabataan. Dapat itabi ng mga magulang ang mahahalagang rekord sa isang organisadong paraan upang magamit para sa pagpapalano ng espesyal na edukasyon, tulad ng mga report card, kasalukuyan at nakaraang mga dokumento ng IEP, at mga buod ng ulat ng pagsusuri.

7 Buuin ang tiwala sa sarili at sariling pagpapasya sa iyong kabataan gamit ang proseso ng IEP. Tulungan silang makahanap ng epektibong paraan upang ipahayag ang kanilang sarili. Maaari silang magsalita sa pulong ng IEP o bumuo ng PowerPoint o video tungkol sa kanilang sarili.

8 Tulungan ang iyong mga kabataan na magkaroon ng kalayaan sa pag-aaral at mga kasanayan sa pamumuhay. Ang mga positibong katangian, tulad ng pagiging sabik na matuto ng mga bagong bagay, epektibong pamamahala ng oras, at pag-ako ng pananagutan para sa paggawa ng mahusay na trabaho ay mapapakinabangan ng kabataan pagdating sa trabaho, edukasyon pagkatapos ng sekondarya at pakikilahok sa komunidad.

9 Unawain ang epekto ng "kasanayan sa pakikipag-ugnayan" sa pagtatrabaho at tagumpay sa edukasyon at gamitin ang mga aktibidad sa tahanan upang mabuo ang mga kasanayang iyon. Ang mga kasanayan sa pakikipag-ugnayan, personal na komunikasyon, at responsibilidad ay mga pamamaraang kailangan ng lahat para maging matagumpay. Turuan ang iyong kabataan kung paano makipag-usap nang naaangkop sa iba, alagaan ang personal na hitsura, sumunod sa direksyon sa trabaho, at lutasin ang hindi pagkakasundo.

10 Tumulong na tukuyin ang mga potensyal na suporta sa komunidad at mga pagkakataon sa trabaho para sa iyong kabataan. Maaaring kabilang dito ang tulong sa pagtatrabaho mula sa Dibisyon ng mga Serbisyo sa Rehabilitasyon, mga suporta sa edukasyon pagkatapos ng sekondarya na nakuha sa pamamagitan ng Tanggapan ng mga Serbisyo para sa Mag-aaral na may Kapansanan ng kolehiyo, o mga kasanayan sa independiyenteng pamumuhay na itinuturo ng isang organisasyong nakabatay sa komunidad. Dapat maging pamilyar ang mga magulang sa mga pagpipilian at hilingin sa mga kinatawan ng mga serbisyong ito na dumalo sa pulong ng IEP, o magbigay ng impormasyon para sa pangkat.

*Halaw mula sa mga "Gabay para Ihandang Iyong Anak na may Kapansanan Para sa Buhay na Higit pa sa Mataas na Paaralan ng PACER (A Guide to Prepare Your Child with a Disability for Life Beyond High School)."



Mga mapagkukunan

Got Transition

www.gottransition.org/

Ang Got Transition ay isang pambansang sentro ng mapagkukunan na pinondohan ng pederal sa paglipat ng pangangalaga ng kalusugan na may layuning pahasayin ang paglipat mula sa pambata tungo sa pang-nasa hustong gulang na pangangalaga sa kalusugan. Kabilang ang mga kagamitan, mapagkukunan, at impormasyon para sa mga kabataan, pamilya, at tagapag-alaga upang maihanda sa maayos na paglipat sa pangangalaga ng kalusugan ng nasa hustong gulang.

Konseho ng Pag-unlad ng may mga Kapansanan sa Maryland: Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon

www.md-council.org/did-you-know-a-new-supported-decision-making-bill-just-passed-in-maryland/

Gumagamit ang artikulong ito ng simpleng pananalita upang ipaliwanag ang batas sa Paggawa ng Sinusuportahang Desisyon ng Maryland na nagpapahintulot sa mga nasa hustong gulang na gumamit ng sinusuportahang paggawa ng desisyon upang makatanggap ng suportang pang-nasa hustong gulang at gumawa ng sarili nilang mga desisyon.

Programang Maryland MTA na Pinababang Pamasaha ng may Kapansanan

www.mta.maryland.gov/disability-reduced-fare-program

Ipinapaliwanag ang pagiging karapat-dapat sa Programa ng Pinababang Pamasaha ng May Kapansanan ng Pangasiwaan ng Pagsakay sa Maryland (MTA, Maryland Transit Administration). Ang online na aplikasyon ay matatagpuan sa pahina ng Mga form sa ilalim ng Mga Pinababang Pamasaha.

Mobilitylink ng MTA sa Maryland

www.mta.maryland.gov/mobility

Ang MTA MobilityLink ay paghahatid na programa para sa mga indibidwal na may mga kapansanan na hindi makagamit sa sistema ng nakaayos na ruta ng MTA. Kabilang ang link upang makumpleto ang aplikasyon at gabay sa mga serbisyo ng paratransit.

Gabay sa Pagpapalano ng Paglipat mula sa Sekondarya ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland para sa mga Indibidwal na may Kapansanan

elevates.marylandpublicschools.org/secondary-transition-planning-guide/

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng impormasyon sa mga mag-aaral, magulang/tagapag-alaga, tagapagturo, at mga ahensya ng komunidad tungkol sa pangalawang proseso ng paglipat mula sa sekondarya. Kabilang ang mga legal na kinakailangan, estratehiya, at mapagkukunang nauugnay sa mga elemento ng pagpapalano ng paglipat mula sa sekondarya. May kasamang link para magamit ang gabay sa 20 karagdagang wika.

Pambansang Sentro sa Edukasyong Sekondarya at Paglipat

www.ncset.org/

Ang Pambansang Sentro sa Edukasyong Sekondarya at Paglipat (NCSET, National Center on Secondary Education and Transition) ay itinatag upang lumikha ng mga pagkakataon para sa mga kabataang may mga kapansanan na makamit ang matagumpay na mga resulta ng nasa hustong gulang. Ang website ay nagbibigay ng mga mapagkukunan upang suportahan ang mga paksa ng paglipat mula sa sekondarya para sa mga tagapagturo, pamilya, at mga mag-aaral.



Pambansang Pagtulongan para sa Lakas ng Manggagawa at Kapansanan

youth.gov/federal-links/national-collaborative-workforce-and-disability

Ang website na ito ay mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa mga paksang nauugnay sa paglipat ng isang mag-aaral tungo sa buhay ng nasa hustong gulang at ang mga hamon na kadalasang kinakaharap ng mga pamilya at kabataang nasa hustong gulang. Kabilang ang mga link sa iba't ibang paksang partikular sa mga kabataang may mga kapansanan upang suportahan ang mga mag-aaral at pamilya ng kabataang nasa sa edad ng paglipat.

Sentro ng Pambansang Tulong teknikal sa Paglipat mula sa Sekondarya

www.nsttac.org

Ang website ay nagbibigay ng mga kagamitan at mapagkukunan para sa mga guro, magulang, at mag-aaral na patungo sa lahat ng larangan ng paglipat mula sekondarya. Kabilang ang mga interactive na link upang suportahan ang pagpapalano ng paglipat.

Pambansang Sentro ng Magulang sa Paglipat at Pagtatrabaho ng Sentro ng PACER

www.pacer.org/tatra

Ang Sentro ng PACER ay nagbibigay ng impormasyon, mga mapagkukunan, at teknikal na tulong sa mga paksang nauugnay sa paglipat sa mga magulang ng mga kabataan na may mga kapansanan, edad 14 hanggang 21. Ang madaling gamiting website na ito ay nagbibigay ng mga mapagkukunan at mga payo na ginawa ng mga magulang upang matugunan ang mga tanong at alalahanin mula sa pananaw ng magulang.

Think College

www.thinkcollege.net

Ang Think College ay isang pambansang organisasyon na nakatuon sa pagbuo, pagpapalawak, at pagpapabuti ng inklusibong mga pagpipilian sa mas mataas na edukasyon para sa mga mag-aaral na may kapansanang intelektwal. Ang website ay nagbibigay ng impormasyon para sa mga mag-aaral at pamilya upang sagutin ang mga tanong tungkol sa mga pagpipilian sa kolehiyo, kung paano maghanda para sa kolehiyo, at ang proseso ng pagpasok.



Talahulugan ng mga Salita sa Paglipat mula sa Sekondarya

Kaluwagan

Ang serbisyo o suporta na nauugnay sa kapansanan ng mag-aaral na nagbibigay-daan sa ganap na paggamit at tumpak na pagpapakita ng kaalaman nang hindi nangangailangan ng pangunahing pagbabago sa pamantayan o inaasahan ng gawain.

Mga Serbisyong Pang-nasa hustong gulang

Mga serbisyong kailangan para sa mga tao kapag sila ay umabot na sa hustong gulang; kadalasang kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, tulong sa paghahanap ng trabaho, tulong sa tahanan, tulong sa trabaho, mga suportang nauugnay sa trabaho gaya ng pabahay at transportasyon, at paghahatid ng iba't ibang mga terapiya o gamot.

Pagtatasa sa Paglipat na Angkop sa Edad

Ang patuloy na proseso ng pagkolekta ng datos sa mga pangangailangan, kagustuhan, at interes ng mag-aaral na nauugnay sa mga hinihingi ng kasalukuyan at hinaharap na trabaho, edukasyon, pamumuhay, at personal at panlipunang kapaligiran.

Edad ng Mayorya

Ang tinukoy ng batas na edad kung saan ang isang tao ay itinuturing na nasa hustong gulang, kasama ang lahat ng karapatan at responsibilidad ng isang nasa hustong gulang. Ito ay 18 taong gulang sa Maryland.

Batas sa mga Amerikanong may Kapansanan (ADA, Americans with Disabilities Act)

Ang pederal na batas laban sa diskriminasyon sa kapansanan na gumagarantiya sa mga pangunahing karapatang sibil sa mga taong may mga kapansanan. Ito ay katulad ng ibinibigay sa mga indibidwal batay sa lahi, kasarian, bansang pinagmulan at relihiyon. Ginagarantiya nito ang pantay na pagkakataon para sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa mga lugar ng trabaho, transportasyon, serbisyo ng gobyerno, atbp.

Pagiging Apprentice sa Maryland

Ang pagiging apprentice sa Maryland ay isang programang pagiging apprentice ng kabataan para sa mga mag-aaral, edad 16 at pataas. Ito ay idinisenyo upang humantong sa napapanatiling trabaho at karagdagang edukasyon batay sa mga landas ng karera

sa pagmamanupaktura at mga trabaho sa Agham, Teknolohiya, Pag-iinhinyerya, at Matematika (STEM, Science, Technology, Engineering, and Mathematics) o iba pang mga trabaho sa mga Grupo ng Karera sa CTE.

Aparatong Pantulong na (AT) Teknolohiya

Anumang bagay, kagamitan, o sistema ng produkto, nakuha man nang komersyal, binago o ipinasadya, na nagpapataas, nagpapanatili, o nagpapahusay sa mga kakayahan sa mga gawain ng mga indibidwal na may mga kapansanan.

Karera at Teknikal na Edukasyon (CTE)

Ang magkakasunod na kurso na nagbibigay sa mga mag-aaral ng mga kasanayang sa pag-aaral at teknikal, kaalaman at pagsasanay na kinakailangan upang magtagumpay sa mga karera sa hinaharap at maging bihasa sa makatuturang teknikal na kaalaman at kasanayan.

Pagsasaliksik sa Karera

Ang proseso kung saan ang mga mag-aaral na may mga kapansanan ay nagsasaliksik ng mga pagpipilian sa karera at nakikibahagi sa iba't-ibang mga pagtatasa at aktibidad na makakatulong sa mga mag-aaral na matukoy ang kanilang mga natatanging interes, kasanayan, at talento

Pagtuturo na Nakabatay sa Komunidad

Pagsasama ng mga mag-aaral sa kanilang komunidad bilang bahagi ng kanilang kurikulum at pagtuturo sa edukasyon.

Mga Serbisyong Nakabatay sa Komunidad

Mga serbisyong ibinibigay sa kapaligiran ng komunidad, mas mabuti sa komunidad ng tahanan ng indibidwal.

Mapagkumpitensyang Trabaho

Pagtatrabaho nang full- o part-time para sa hindi bababa sa minimum na sahod o katumbas na kabayaran pagkatapos umalis sa mataas na paaralan sa: (a) sitwasyon ng pinagsamang mapagkumpitensyang trabaho (b) sa militar (c) suportadong trabahong nakabatay sa komunidad (d) negosyo ng pamilya (hal., sakahan) (e) sariling trabaho.

Kurso sa Pag-aaral

Ang maraming taon na paglalarawan ng kinakailangang gawaing pang-kurso upang makamit ang ninanais na mga layunin ng mag-aaral pagkatapos ng pag-aaral.

Mga Kasanayan sa Araw-araw na Pamumuhay

Mga kasanayang kailangan para sa pang-araw-araw na gawain; ibig sabihin, pagkain, pagbibihis, paglalaba, pag-aalaga ng kalinisan, palikuran.

Mga Kasanayan sa mga Gawain sa Pamumuhay

Mga kasanayang kailangan upang mamuhay nang nakapag-iisa hangga't maaari. Ang mga halimbawa ay kinabibilangan ng mga kasanayan sa pakikitungo sa mga tao, komunikasyon, paggawi at mga kasanayan sa kaligtasan.

Pagtatasa sa mga Gawaing Bokasyonal

Pagtatasa upang matukoy ang mga kalakasan, kakayahan, at pangangailangan ng isang mag-aaral sa aktwal o ginaya na sitwasyon ng trabaho o sa mga halimbawang karanasan sa totoong trabaho.

Mga kasanayan sa independiyenteng pamumuhay

Mga kasanayan o gawain na nakakatulong sa matagumpay na pagganap bilang nasa hustong gulang. Maaaring tugunan ng mga ito ang paglilibang, pagmementena ng tahanan at personal na pangangalaga, at pakikilahok sa komunidad.

Indibidwal na Plano sa Trabaho (IPE, Individualized Plan for Employment)

Legal na dokumento na bumabalangkas ng plano na gumagabay sa taong may kapansanan tungo sa mapagkumpitensyang trabaho. Ito ay ginagamit ng Dibisyon ng mga Serbisyo sa Rehabilitasyon.

Pinagsama o Suportado na Trabaho

Sitwasyon ng pagtatrabaho kung saan ang isang indibidwal na may kapansanan ay tumatanggap ng suporta na kinakailangan upang matuto at mapanatili ang kanyang trabaho.

Imbentaryo ng Interes

Kagamitan sa pagtatasa sa sarili na ginagamit sa pagpapalano ng karera na tumutugma sa mga interes, gusto, at hindi gusto ng isang tao na may mga aktibidad at posibleng pagpipilian sa karera.

Pagsusuri ng Trabaho

Pagtukoy sa mga partikular na gawain at mga iba pang gawain na kasama sa pagkumpleto ng isang partikular na trabaho.

Tagapagturo sa Trabaho

Taong tumutulong sa isang indibidwal na matuto o mapanatili ang isang trabaho; maaaring kasama ang pagsasanay at suporta sa lugar ng trabaho.

Paghahalimbawa ng Trabaho

Ang pagbibigay sa mga may kapansanan ng pagkakataon na "subukan" ang iba't ibang trabaho upang matukoy ang mga maaaring naaangkop sa mga kakayahan at interes ng indibidwal.

Paggagaya ng Trabaho

Pagsasaliksik ng iba't ibang trabaho at uri ng kapaligiran sa trabaho sa pamamagitan ng pagsunod at panonood sa mga taong gumaganap ng mga trabaho.

Mga kasanayan sa Buhay

Anumang mga kasanayang ginagamit upang pamahalaan ang isang tahanan, pagluluto, pamimili, pamahalaan ang pananalapi, at ayusin ang mga personal na pamamaraan sa pamumuhay.

Pagpapayo

Mapagsuportang ugnayan sa pagitan ng kabataan at isang mas nakatatanda sa edad at karanasan na nag-aalok ng suporta, patnubay, at tulong.

Mga Kasanayan sa Paggalaw

Ang kakayahang maglakbay nang ligtas mula sa isang lokasyon patungo sa isa pa.

Pagsasanay sa Trabaho

Kaalaman at kasanayan na nakukuha ng isang tao habang nasa lugar ng trabaho, gumagawa ng ilang aktibidad na may kaugnayan sa isang kasalukuyang posisyon.

Binabayarang Pagtatrabaho

Taong nagtatrabaho para sa ibang tao o isang negosyo para sa suweldo.

Pagpapalano na Nakasentro sa Tao

Isang proseso na nagbibigay kapangyarihan sa mga taong may kapansanan na planuhin ang kanilang buhay, magsalita at magtrabaho para maabot ang kanilang mga layunin. Nakatuon ito sa kanilang mga kalakasan at kagustuhan.

Pagtataguyod sa Sarili

Pag-unawa sa kapansanan ng isang tao, pagkakaroon ng kamalayan sa mga kalakasan at kahinaan na nagreresulta mula sa kanilang kapansanan, at kakayahang ipaliwanag ang kanilang pangangailangan para sa mga partikular na kaluwagan. Ang pagtataguyod ay ang kakayahan ng isang tao na magsalita para sa kanilang mga pangangailangan at kagustuhan.



Paano Kung May Mga Tanong Ako o Kailangan ko ng Tulong?

KOORDINEYTOR NG LOKAL NA MGA SERBISYONG SUPORTA SA PAMILYA

SISTEMA NG LOKAL NA PAARALAN	EDAD NG KAPANGANAKAN HANGGANG 5	EDAD 5 HANGGANG 21
Allegany	240-920-6829	240-920-6829
Anne Arundel	410-424-3270	410-424-3258
Lungsod ng Baltimore	410-396-1666	443-642-3848
County ng Baltimore	443-809-9696	443-809-5443
Calvert	443-550-8406	443-550-8375
Caroline	410-479-3609	410-479-3609
Carroll	410-751-3955	410-751-3955
Cecil	410-996-6230	410-996-6230
Charles	301-934-7456	301-934-7456
Dorchester	410-901-6915	410-901-6915
Frederick	240-578-1244	240-236-8744
Garrett	301-914-1351	301-914-1351
Harford	410-273-5579	410-273-5579
Howard	410-313-7161	410-313-7161
Kent	410-778-5708	410-778-5708
Montgomery	240-777-4809	240-753-9487
Prince George's	240-521-5054	301-431-5675
Queen Anne's	410-758-2403, x135	410-758-2403, x135
Somerset	410-651-1616, x11385	410-651-1616, x11385
St. Mary's	301-475-5511, x32218	240-309-4113
Talbot	410-822-0330	410-822-0330
Washington	301-766-8221	301-766-8221
Wicomico	410-677-5250	410-677-5250
Worcester	410-632-5234	410-632-5234
Paaralan ng Maryland para sa mga Bulag	410-444-5000, x1489	
Paaralan ng Maryland para sa mga Bingi	443-277-8899	
Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland	410-767-0255	

KAGAWARAN NG EDUKASYON SA ESTADO NG MARYLAND

Mohammed Choudhury

Superintendente ng mga Paaralan sa Estado

Dr. Deann Collins

Kinatawang Superintendente para sa Tanggapan ng Pagtuturo at Pag-aaral

Clarence C. Crawford

Pangulo, Lupon ng Edukasyon sa Estado ng Maryland

Wes Moore

Gobernador

© 2023 Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland

Ang publikasyong ito ay binuo ng Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon na may mga pondo mula sa U.S. Kagawaran ng Edukasyon, Grant #H393A090124A, Espesyal na Edukasyon-Grant para sa mga Sanggol at Pamilya “Mga Pondo para sa Pagbawi” sa ilalim ng PL 105-17/111-5 Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan/American Recovery and Reinvestment Act. Ang Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon ay namumunong ahensya para sa Programa para sa Mga Sanggol at Paslit na Bata ng Maryland, ang programa ng mga serbisyo at suporta sa buong estado na inaayos ng mga ahensya at organisasyon ng Estado at lokal. Ang mga gumagamit na kumokopya o nagbabahagi ng impormasyong nakapaloob sa publikasyong ito ay dapat magbigay ng karangalan sa Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland, Dibisyon sa Maagang Interbensyon at mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon, Dr. Deann Collins, Kinatawang Superintendente para sa Tanggapan ng Pagtuturo at Pag-aaral.



410-767-0100



www.marylandpublicschools.org



200 West Baltimore Street
Baltimore, MD 21201-2595